

Taon XXXII No. 3 Marso 2002

Pagkaisahin ang bayan laban sa pagkapapet, kalupitan at korapsyon ng rehimeng Macapagal-Arroyo!



ng walang kapantay na pagkapapet, korapsyon at kalupitan ng rehimeng Macapagal-Arroyo ay ibayong nagpapasidhi sa kahirapan at kaapihan ng mamamayang Pilipino.

Ipinakikita ng rehimen na ito ay todo-todong reaksyunaryo at anti-mamamayan sa lahat ng aspeto. Ito ay sukdulang papet at walang kahihiyang sunud-sunuran sa dikta ng US. Singgarapal ito ng rehimeng Estrada sa paggamit ng burukratikong pribilehiyo para sa sariling interes at ng mga kamaganak at kaibigan. Walang pakundangan nitong

nilalapastangan ang mga karapatang-tao.

Kailangang puspusang kumilos ang Partido at mga rebolusyonaryong pwersa upang pagkaisahin ang mamamayan para labanan at pagbayarin nang mahal sa mga ito ang rehimeng Macapagal-Arroyo.

Todo-todo ang kampanyang propaganda ng Malakanyang upang bigyang-katwiran ang pagpakat ng mga tropang Amerikano sa Mindanao. Tanda ng kanyang pagkadeboto sa mga patakaran ni Bush, panatikong ipinagtatanggol ni Macapagal-Arroyo ang armadong panghihimasok ng US sa bansa.



NILALAMAN:

- **Editoryal:** Pagkaisahin ang bayan laban sa pagkapapet, kalupitan at korapsyon ng rehimeng Macapagal-Arroyo!
- 4 Ilang malaking kaso ng korapsyon sa ilalim ng rehimeng Macapagal-Arroyo
- 5 Umiigting at humahantong sa kaguluhan at karahasan ang alitan ng mga reaksyunaryo
- Ang panunumbalik: Armadong panghihimasok ng imperyalismong US sa Pilipinas
- 10 Ang US sa Mindanao
- **11** Kampanyang psywar laban sa BHB, pakana ng CIA (13) Ang propagandang anti-BHB ng AFP
- **14** Mining Act of 1955, epektibong nilalabanan ng mamamayan
- **15** Pananalanta ng pasistang estado
- 16 Mga pasistang atake laban sa Bayan Muna
- 17 Mga salot sa Leyte, pinarusahan ng BHB
- 18 Balita

PANAWAGAN

Ang Lupong Patnugot ng **Ang Bayan** ay nagaanyaya sa mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga komentaryo at mungkahi, mga balita o mga rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala.

Inilalabas ang AB sa Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Iloko at Ingles. Magpadala ng blangkong *email* sa *address* ng edisyong nais ninyong tanggapin:

angbayan_updates_pilipino_subscribe@yahoogroups.com angbayan_updates_english_subscribe@yahoogroups.com angbayan_updates_bisaya_subscribe@yahoogroups.com angbayan_updates_hiligaynon_subscribe@yahoogroups.com angbayan_updates_iloko_subscribe@yahoogroups.com Iniudyok ng walang kahihiyang pagpapakatuta ni Macapagal-Arroyo ang sunud-sunod na mga kilos protesta sa buong bansa. Nagsimula ito noong Enero at patuloy na mag-iipon ng lakas sa darating na mga buwan.

Upang nyutralisahin ang mga patriyotikong pwersa, isinasangkalan ni Macapagal-Arroyo ang pagpuksa sa nakamumuhing Abu Sayyaf para bigyang-matwid ang armadong panghihimasok ng mga tropang Amerikano.

Subalit mawawala ang bisa nito at malamang na lalo pang iigting at lalawak ang mga protesta sa darating na mga buwan laluna sa pag-iral ng alinman sa mga sumusunod na kundisyon o kumbinasyon ng mga ito:

- 1) paglalantad ng direktang paglahok ng mga tropang Amerikano sa mga operasyong militar taliwas sa sinasabing nagsasagawa lamang sila ng mga pagsasanay;
- 2) pagkabigong mabawi ang mga bihag ng Abu Sayyaf at pagtatagal ng mga tropang Amerikano sa Mindanao lagpas sa anim na buwang taning ng Balikatan 02-1;
- 3) pananatili ng mga tropang Amerikano sa Mindanao at paglahok nila sa mga kontragerilyang operasyon laban sa BHB at MILF, matapos mabawi ang mga bihag ng Abu Sayyaf;
- 4) malakihang pagpakat ng karagdagang mga tropang Amerikano sa Mindanao at iba pang bahagi ng bansa kaugnay ng ilulunsad na 15 pang Balikatan sa taong ito.

Kailangang maging alerto at maagap sa pagsubaybay sa sitwasyon dahil ngayon pa lamang ay unti-unti nang nagaganap ang kumbinasyon ng lahat ng mga ito.

Ang usapin ng armadong panghihimasok ng mga tropang Amerikano at pagsigla ng mga aksyong protesta laban dito ay mahusay na kundisyon sa mas malawakan at malalimang paglilinaw sa mamamayan tungkol sa patuloy na dominasyon ng US sa ekonomya, pulitika at kultura at ang pangangailangang makibaka para sa pambansang paglaya.

Ang pagtangkilik ni Macapagal-Arroyo sa armadong panghihimasok ng US sa Pilipinas ay isang panig lamang ng kanyang todo-todong pagkatuta sa imperyalismo. Sa larangang ekonomya, walang kapantay si Macapagal-Arroyo sa todo-todong pagpapatupad ng mga patakaran ng imperyalistang "globalisasyon" at ang kaakibat

nitong pagsuko ng pambansang patrimonya ng Pilipinas. Ang mga patakarang ito na sinimulang ibwelo noong simula ng dekada 1990, ay patuloy na binibigyang-sikad ni Macapagal-Arroyo sa kabila ng malulupit na epekto na nito sa ekonomya, sa kabuhayan at kagalingang panlipunan ng mamamayan.

Kasabay ng paglalantad sa walang kahihiyang pagpapakapapet ni Macapagal-Arroyo, kinakailangan nating puspusang ilantad at labanan ang todo-todong korapsyon at sukdulang kalupitan ng rehimen upang ibayong isiwalat ang lumalalang krisis ng naghaharing sistema, pagkaisahin ang pinakamalawak na pwersa laban sa rehimeng Macapagal-Arroyo at biguin ang balak nitong magtagal pa lagpas sa 2004.

Importanteng bigyang-pansin ang mga tampok at malalaking kaso ng korapsyon na kinasasangkutan ni Macapagal-Arroyo mismo, ng kanyang asawa, mga kamag-anak, "upisyal" na pamilya at malalapit na kaibigan. (Tingnan ang kaugnay na artikulo.)

Desperadong naghahagilap ng pondo si Macapagal-Arroyo para sa eleksyong 2004. Hangad niyang higitan ang pondong inipon ni Estrada noong nasa poder pa ito. Takot siyang magamit pa rin ng mga Estrada ang malaking pera nila sa darating na eleksyon para makapanumbalik sa

kapangyarihan.

Mahalagang bigyang-diin ang paglalantad sa mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas, laluna ang pinakamalalalang krimen laban sa mamamayan sa todong militarisasyon at digmang kontra-rebolusyonaryo sa kanayunan.

Importanteng patampukin sa pamamagitan ng kilusang masa at propaganda ang detalye at mga larawan

ng aktwal na mga kaso ng paglabag sa karapatangtao at palawakin ang pakikibakang naggigiit ng katarungan para sa mga biktima. Dapat bigyan ng higit na pansin ang pagsusulong ng antipasistang pakikibaka sa mga paaralan, sektor pangkalusugan at taong simbahan.

Dapat bigyang-pansin ang paglalantad at pagkundena sa militarisasyon sa kanayunan, laluna sa mga lugar na kinikilusan ng Bagong Hukbong Bayan at mga rebolusyonaryong Moro.

Kailangang epektibong kontrahin ang makakapayapaang pagpapanggap ng rehimen at ilantad ang militaristang patakaran nito laluna sa pagharap sa rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan. Kaugnay nito, kailangan din nating ilantad ang mga maniobra ng rehimen, laluna ng mga prinsipal na militarista sa loob nito, upang isabotahe ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDF at ng GRP at MILF.

Kailangang pukawin, organisahin at pakilusin ang mamamayan laban sa rehimeng Macapagal-

Arroyo upang maitaguyod ng mamamayan ang kanilang karapatan at kagalingan sa harap ng papatinding pang-aapi at pagsasamantala. Tipunin ang lakas ng pinakamaraming mamamayan upang labanan ang sukdulang pagkapapet, kalupitan at korapsyon ng naghaharing rehimen.

Haharapin rehimeng ng Macapagal-Arroyo sa mga susunod na buwan ang papalaking protesta sa lansangan at papalawak na hanay ng lumalabang mamamayan. Sa mga nakaraang buwan, tuluy-tuloy na binabawi ng paparaming pwersang lumahok sa EDSA 2, kabilang ang maraming nasa gitnang pwersa, ang kanilang suporta sa rehimeng Macapagal-Arroyo. Sa pamamagitan ng puspusang paglalantad ng mga rebolusyonaryong pwersa sa reaksyunaryong gubyerno at paghikayat sa mas malawak na mamamayan sa paglaban, ganap na maihihiwalay ang rehimeng Macapagal-Arroyo sa loob ng mga darating na buwan.

Hindi lamang mabibigo ang balak nitong magtagal lagpas sa 2004, maaari pa ngang wala na ito sa poder bago pa ang pinaghahandaan nitong eleksyon. Ito ang kabayaran sa lubos na pagyurak nito sa mga karapatan at pagbalewala sa kapakanan ng mamamayan at paglubog sa kanila sa ibayong kaapihan at kahirapan.

Ilang malaking kaso ng korapsyon sa ilalim ng rehimeng Macapagal-Arroyo

- P1.4 bilyong tinabo ng CODE-NGO, isang NGO na pinamumunuan ng mga nasa gabinete ni Macapagal-Arroyo at mga "Soc Dem" na malalapit sa kanya . Maanomalyang binigyan ito ng solong prangkisa at malaking komisyon sa pagbebenta ng P10 bilyong PEACe *bonds* (bono). Laway at mahigpit na kuneksyon lamang sa Malakanyang at Department of Finance ang naging tanging puhunan ng CODE-NGO para masolo ang PEACe *bonds* at malaking kita mula rito.
- Pakikialam ni Mike Arroyo, asawa ng presidente, sa mga pondo ng Philippine Amusement and Gaming Corporation at Philippine Charity Sweepstakes Office at paggamit ng milyun-milyon mula sa mga ito para tustusan ang gastos sa eleksyon noong Mayo 2001 at iba pa.
- Pag-apruba sa kontrata ng Industrias Metalurgicas Pescarmona SA (IMPSA), isang kumpanyang Argentinian, para sa rehabilitasyon ng Caliraya-Botocan-Kalayaan *hydroelectric power plant*, limang araw lamang pagkaluklok ng bagong gubyerno. May mga akusasyong kumita nang malaki si Department of Justice Sec. Hernando Perez at si Macapagal-Arroyo mismo sa aregluhan para rito.
- Paghingi ng kalahati ng sapi ng Philippine Communications Clearinghouse Inc. (PCCI) mula sa may-ari nitong si Pacifico Marcelo, kapalit ng pagbawi ng veto (pagdisapruba) ni Macapagal-Arroyo sa prangkisa upang mamonopolisa ng PCCI ang pangangasiwa sa interconnection ng lahat mga kumpanya sa telekomunikasyon, na tinatayang magkakahalaga ng mahigit P53 bilyon taun-taon. Naganap ito noong lihim na ipinatawag ni Macapagal-Arroyo si Marcelo sa Malakanyang. Hindi pumayag si Marcelo kaya itinuloy ang pagsasampa

ng mga kaso laban sa kanya. Ayon sa

pangangatwiran ni Macapagal-Arroyo,

ang hiningi niya ay hindi para sa sarili,

kundi "para sa gubyerno".

- Pakikipag-areglo kay Danding Cojuangco kaugnay ng pondong coco levy, mga sapi at kontrol ng gubyerno sa San Miguel Corporation (SMC) at iba pang pinuhunanan mula sa naturang pondo, kapalit ng pampulitikang suporta at malaking pinansyal na kontribusyon ni Cojuangco para sa kampanya ni Macapagal-Arroyo sa 2004. Kamakailan ay hinirang ni Macapagal-Arroyo si Conrado "Dodie" Limcaoco, tagapagsalita at deputy campaign manager ng People Power Coalition, bilang presidential assistant dahil sa naging susing papel niva sa pakikipag-areglo kay Cojuangco. Pangunahing tungkuling ibinigay ni Macapagal-Arroyo kay Limcaoco ngayon na "buksan sa lalong madaling panahon" ang 16-taon nang natipong pondong coco levy. Isa sa inaareglo nila ngayon ay ang mga paraan para maibigay na kay Cojuangco ang lubos na pag-aari sa SMC.
- Di pagpapatuloy ng kaso ng gubyerno laban sa paglusot ni Lucio Tan sa dapat na binayarang buwis, kapalit ang pagbaling ni Tan ng suporta mula kay Estrada tungo kay Macapagal-Arroyo.
- Pagiging tagapamagitan ni George Baviera, isang taong malapit kay Macapagal-Arroyo at Presidential Spokesman at Press Secretary Rigoberto Tiglao, sa mga negosasyon sa pagbabayad ng ransom ng mga *hostage* ng Abu Sayyaf.
- Pagtanggap ng mga senador at kongresman maging sa kampo ni Macapagal-Arroyo ng suhol mula sa mga Estrada, kapalit ng pag-endorso nila ng kahilingan ng nakakulong na dating presidente para mapayagang pumunta sa US upang diumano magpagamot ng tuhod.
 - Paghawak ngayon ng Malakanyang sa aktibong nagpapatuloy na operasyon ng hweteng sa pamamagitan ng mga *jueteng lord* at mga pinuno ng AFP at PNP na malalapit kay Macapagal-Arroyo.

Umiigting at humahantong sa kaguluhan at karahasan ang alitan ng mga reaksyunaryo

Ang mga pihit sa mga pangyayari mula noong huling linggo ng Pebrero, kaakibat ng pagsisikap nina Estrada na makaiwas sa pananagutan sa kasong pandarambong at makabalik sa poder, ay tanda ng bumibilis na pag-igting at paghantong sa kaguluhan at karahasan ng nagbabanggaang kampo ng mga reaksyunaryo.

Sa pamamagitan ng taktikang pagsasagad sa ligal, gamit ang lahat ng maisip na malalaki't maliliit na pagdadahilan, sadyang inaantala ng depensa ang proseso ng paglilitis sa kasong pandarambong laban sa mga Estrada, batay sa pagtatayang maaaring magtagal pa bago makamit ang paborableng pampulitikang kalagayan para sa kanila. Kasabay nito, gumagamit sila ng pailalim na mga taktikang lampas sa ligal at may kaakibat na panggugulo. Pinabibilis at pinahahantong nila sa mas matinding antas at karahasan ang alitan sa pagitan nila at ng kampong Macapagal-Arroyo.

Nais sakyan ng kampong Estrada ang mga salik na mabilis na naghihiwalay sa rehimeng Macapagal-Arroyo: ang paglala ng krisis pangkabuhayan at pampulitika; ang paglakas ng mga protesta laban sa mga patakaran at aksyon ng rehimen; ang pagputok ng mga isyu ng korapsyon at iba pang isyu laban sa rehimen, kay Macapagal-Arroyo at sa mga taong malapit sa kanya at ang pagtaas ng antas ng karahasan sa pagitan ng magkalabang mga kampo nila.

Ginawang malaking isyu nina Estrada ang kahilingan niyang magpagamot ng tuhod sa US. Ayaw ni Estrada na mahatulan siya ng isang korteng hindi niya kontrolado at sa ilalim ng isang gubyernong hindi niya hawak. Nagbanta na ang kampong Estrada na magkakagulo sa lansangan kapag hindi papayagang makapunta si Estrada sa US. Nakuha nina Estrada ang pagsang-ayon ng karamihan ng mga senador at kongresman, kabilang ang mga nasa naghaharing koalisyon at lihim na sinuportahan din ito ni Macapagal-Arroyo,

sa maling pag-aakala na kapag nasa labas na ng bansa si Estrada, hindi na ito gaanong makapanggugulo sa gubyerno.

Dati nang hindi lubusang umaasa sina Estrada na mananalo sila sa korte habang wala sila sa poder. Sa tantyang mapapabilis ang mga pagdinig sa kaso, umaangal sila sa pagbubuo ng Korte Suprema ng isang espesyal na korte ng Sandiganbayan para sa paglilitis ng kaso, na pangangasiwaan ng mga hukom na pawang hindi pabor sa kanila.

Dulot nito, sa kagustuhang pasidhiin ang "krisis", inamin ni Estrada na siya nga ang pumirma sa mga dokumento ng bangko sa pangalang Jose Velarde, at pagkatapos ay "binitiwan" niya ang kanyang mga abugado, tumanggi na sa anumang pakikipagkooperasyon sa korte at itinuon na ang atensyon niya sa pagsisikap na kunin ang simpatiya ng madla. Sinabi ni Estrada na wala siyang tiwala sa mga taong bumubuo ng Sandiganbayan at Korte Suprema, hindi na niya ipagtatanggol ang sarili, at ipinauubaya na lamang ang paghusga sa kanyang kaso sa "kapasyahan ng lansangan". Nagpataw si Estrada ng mga imposibleng kundisyon, tulad ng pagbibitiw ni Supreme Court Chief Justice Hilario Davide at ng dalawa pang hukom ng Korte Suprema, sina Artemio Panganiban at Antonio Carpio (dahil antimano'y may mga husga na silang siya ay maysala). Iginiit din niya ang pagbubuwag sa espesyal na korte ng Sandiganbayan na binuo para sa kaso niyang pandarambong.

Kabilang sa hanay ng mga senaryong pinahihinog at nais abutin ng mga taktika ng kampong Estrada ang pagtalo kay Macapagal-Arroyo ng isang kandidatong maka-Estrada sa halalan sa 2004, o kaya ang pagpapatalsik kay Macapagal-Arroyo mula sa pwesto bago pa ang halalan sa pamamagitan ng isa pang tipong-EDSA na pagkilos ng mamamayan, kudeta o iba pang pamamaraan.

ANG BAYAN * Marso 2002 5

ANG PANUNUMBALIK

Armadong panghihimasok ng US sa Pilipinas

Balikatan 02-2, ilulunsad sa Abril

Isa pang Balikatan ang ilulunsad mula Abril 22 hanggang Mayo 5 sa Clark, Pampanga at Subic, Zambales. Aabot sa 2,665 sundalong Amerikano ang nakatakdang lumahok sa pagsasanay. Magdadala ang mga tropang Amerikano ng 17 iba-ibang klaseng helikopter, apat na FA-18 Hornet *fighter jet*, siyam na eroplanong C-130, dalawang tangkeng KC-130 at isang barkong panlohistika, ang USS Fort McHenry.

Binabalak ng US na ibukas ang pagsasanay sa mga armadong hukbo ng 10 pang bansa. Sa gayon, ang Balikatan ay magiging bahagi ng "Team Challenge", ang pagsasanay-militar na inilulunsad ng US upang ihanda ang iba't ibang hukbo sa Asia sa direktang paglahok sa armadong interbensyon ng US sa iba't ibang bansa. Isang halimbawa nito ang pagpapadala ng US ng multinasyunal na "pwersang pangkapayapaan" sa East Timor. Noong nakaraang taon, pinahintulutan ni Macapagal-Arroyo ang paglapag sa bansa ng iba't ibang kaalyadong tropa ng US sa kabila ng tahasang pagbabawal ng reaksyunaryong batas dito kung walang status of forces o visiting forces agreement.

Kinukwestyon ang pagpapasok ng mga pwersa mula sa iba pang bansa na walang kasunduan ang Pilipinas na tulad ng VFA. Kaya sa ngayon, ang mga pwersa mula sa ibang bansa ay palalahukin "bilang mga tagamasid lamang". Upang mas madaling sabayang makahatak ng iba't ibang bansa sa anumang pangmilitar na aktibidad ng US, hinahabol nitong gawing *multilateral* (maramihang panig) kaysa manatiling *bilateral* (sa pagitan lamang ng dalawang bansa) ang mga kasunduang militar ng mga bansa .

Kinumpirma rin ni DND Sec. Angelo Reyes na 10 pang Balikatan ang idaraos sa taong ito. Ipinagtanggol ni Macapagal-Arroyo ang papalaking bilang ng mga tropang Amerikano sa Pilipinas. Aniya, dati nang umaabot sa 5,000 sa loob ng isang taon ang bilang ng mga tropang Amerikano na dumarating sa bansa para lumahok sa mga "pagsasanay" na ito.

Tropang Amerikano sa Basilan, daragdagan

Nakatakdang dagdagan ng US nang 300 ang mga armadong tropa nito na nasa Basilan dahil hindi ito nasasapatan sa laki at takbo ng kasalukuyang operasyon doon. Sa kabila ng malaking bilang na ng nag-ooperasyon sa mga lungga ng Abu Sayyaf sa Basilan kasama ang mga tropang Amerikano, tuluy-tuloy pa rin ang mga atake ng Abu Sayyaf sa mga nag-ooperasyong pwersa na patuloy na nagtatamo ng mga kaswalti. Kunwa'y pinag-iisipan pa ni Macapagal-Arroyo ang "kahilingan" ng US para sa pagpapapasok ng karagdagang tropa pero sa aktwal ay nagkasundo na ang kanyang rehimen at ang gubyernong US hinggil dito. Upang lusutan ang mga ligal na balakid, balak ng rehimen na "amyendahan" ang kapipirma lamang na Terms of Reference para sa Balikatan 02-1. Simula't sapul, walang balak ang US na magpatali sa itinakdang bilang ng mga tropa.

Wala na ring pagkukunwari ang US nang simulan nitong tawagin ang Balikatan 02-1 na Operation Enduring Freedom-Philippines at inilinaw na ito ang ikalawang larangan at bahagi ng ikalawang yugto ng kanilang "digmang kontraterorismo", karugtong ng digmang agresyon nito sa Afghanistan.




ANG PANUNUMBALIK Armadong panghihimasok ng US sa Pilipinas

US Green Berets, kalahok sa operasyong kombat sa Basilan

Upang umiwas sa batikos, pilit na itinatanggi ng mga sandatahang hukbo ng US at Pilipinas na may kalahok na mga tropang Amerikano sa mga reconnaissance-combat patrol sa Basilan. Nabisto ito nang may mangyaring engkwentro sa pagitan ng mga nagpapatrulyang tropa at mga Abu Sayyaf sa Sityo Lipag, Upper Bulansa, Lantawan noong Marso 17. Agad-agad na nagpadala ng dalawang HH-60 Black Hawk na helikopter ang mga Amerikano sa lugar ng engkwentro. Tatlong Pilipinong sundalo ang napatay at tatlo ang sugatan sa naturang engkwentro. Kitang-kita ng mga residente ang naging papel ng mga Amerikano sa naganap na sagupaan. Nang mangyari ang sagupaan, ilang araw nang sumasama sa mga nagpapatrulyang AFP ang US Special Forces.

Mga pasilidad-militar sa Basilan at Zamboanga, dinagdagan ng mga Amerikano

Isang 10-kataong tim para sa konstruksyon ang lumapag sa Zamboanga at Basilan nitong Marso 7 upang magsagawa ng sarbey at maglikom ng datos hinggil sa kalupaan at mga pasilidad ng lugar. Tinasa rin nila ang mga pasilidad ng kampo militar doon at plinano ang konstruksyon para sa mga karagdagang pasilidad na para sa pangmatagalang gamit ng mga tropang Amerikano. Kabilang sa pinaplanong itayo ay mga paglalapagan ng helikopter, daungan sa Naval Station sa Zamboanga at iba pang imprastrukturang militar. Kasalukuyan nang isinasagawa ang konstruksyon ng karagdagang baraks sa Edwin Andrews Air Base (EAAB) at Camp Navarro, mga paliguan, kainan, recreation center at gym. Naghukay na rin para sa mga deep well ng dalawang kampo at nagtayo ng 10 "bahay-kubo" na nagkakahalaga ng \$350,000 bawat isa sa Malagutay at EAAB.



Iba't iba ang uri ng mga unmanned aerial vehicles tulad nitong larawan ng GNAT 750 UAV na gawa ng General Atomics ng US.

Mga eroplanong pang-espiya ng US, pinalipad sa Pilipinas

Nitong Marso, ang US ay nagpasok sa Zamboanga ng mga GNAT UAV (unmanned aerial vehicles) o mga eroplanong pinalilipad nang walang piloto. Lumilipad ang mga ito nang may taas na 10,000 piye mula sa lupa at ginagamit sa pangeespiya. Pinalilipad ang mga naturang eroplano araw at gabi mula sa Zamboanga.

Idineklara ng US na oras na matukoy nila ang kinalalagyan ng Abu Sayyaf ay bobombahin nila agad ang lugar. Ang pag-eespiya ng US at laluna ang pambobomba sa pinaghihinalaang mga kuta ng AbuSayyaf ay mangangahulugan na ng tahasang agresyon. Bukod pa rito, ang mga residenteng sinaklaw ng paglipad ng spy plane at mga organisasyong nagtataguyod sa karapatangtao ay nababahala sa peligrong idudulot nito. Ayon sa Sanders Aviation, kumpanya na nagpapalipad sa mga spy plane, hindi malinaw kung sa Abu Sayyaf o sa mga ordinaryong sibilyan ang nalitratuhang mga tao at kubo, dahil sa kapal ng kagubatang nakapalibot sa isla. Bunga nito, malaki ang posibilidad na mga karaniwang sibilyan ang matatamaan sa pambobomba ng US.

ANG PANUNUMBALIK

Armadong panghihimasok ng US sa Pilipinas

Kababaihan laban sa Balikatan

Isa sa pinakamakulay, militante at masiglang mga paggunita ng Pandaigdigang Araw ng Kababaihan ang rali sa Mendiola nitong Marso 8. Pinakamarami sa humigit-kumulang 4,000 dumalo ay kababaihang manggagawa, maralitang-lunsod at maliliit na empleyado ng gubyerno. Lumahok din ang mga kababaihang mag-aaral, migranteng manggagawa at mga mula sa sektor ng guro, kalusugan, simbahan at iba pa. Sumuporta at lumahok din sa martsa ang kalalakihan.

Kinundena ng kababaihan si Gloria Macapagal-Arroyo sa kanyang sagad-sagarang pagtataksil sa bayan. Ipinanawagan nila ang pagpapatalsik sa kanya sa poder. Nananawagan din ang kababaihan para sa pagpapalayas sa mga tropang Amerikano sa bansa.

Sinunog ng mga nagrali ang isang *effigy* ni Macapagal-Arroyo na naglarawan ng kanyang maka-US at militaristang postura at pagwawalangbahala sa mga suliranin ng masa ng sambayanan.

Sa Mindanao, pinangunahan ng All Women Coalition Against US Troops ang walong mag-

Sex trafficking sa Davao para sa Balikatan

Noong Pebrero, hindi bababa sa 36 kababaihan sa Davao City, na karamihan ay may edad 13-18, ang naiulat na nabiktima ng rekrutment ng mga bugaw upang magtungo ng Zamboanga. Pinangakuan sila ng libreng pamasahe sa eroplano at dolyar na kita. Upang makumbinse pati ang kanilang mga magulang at kamag-anak, nagbigay ang mga bugaw ng katumbas ng kalahati ng kanilang kikitain. Nirekrut ang nasabing kabataan upang maging mga waitress, katulong at entertainer ng mga videoke bar. Sa ngayon, tinatayang umaabot na sa 2,000 ang kababaihang biktima ng prostitusyon na nasa Zamboanga.

kakasunod na araw na "silent protest" (walang imik na protesta) laban sa Balikatan na nagtapos



sa isang rali nitong Marso 8 sa Davao City, Ozamiz at General Santos City.

Suot ang puti o itim na damit, inilunsad ang "silent protest" sa mga komunidad, eskwelahan at *mall*. Umabot sa 300 kababaihan mula sa iba't ibang sektor ang nagtipon sa Freedom Park sa Davao City dala ang mga plakard at istrimer na nanawagang palayasin ang mga tropang Amerikano sa bansa.

Sa isang pahayag para sa Marso 8, tinuligsa ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA) si Gloria Macapagal-Arroyo sa kanyang pagpapasok ng mga tropang Amerikano sa bansa. Anang pahayag, "Bagamat isa siyang babae, si Gloria Macapagal-Arroyo ay kaaway ng kababaihang Pilipino...isa (siyang) papet at militaristang lider na walang tunay na suporta sa hanay ng kababaihan, lalo na sa hanay ng masang anakpawis..."

Ayon din sa MAKIBAKA, "...dumating sila (ang mga tropang Amerikano) upang protektahan ang malawak na interes pang-ekonomya ng US sa bansa, laluna sa mayamang isla ng Mindanao. ...Hindi lamang sila nagiging sanhi ng sistematikong paglaganap ng prostitusyon at mga paglabag sa karapatang pantao, winawasak din nila ang mga ekonomya, pulitika't kultura ng bansa, at pinapailalim ito sa kanilang kontrol."

Sa isa pang pahayag na may pamagat na "Isang panawagan sa mabubuting anak ng bayan", nanawagan ang MAKIBAKA sa kababaihan na makipamuhay at tuluyan nang sumapi sa BHB lalo na sa panahong ito ng papatinding interbensyon ng imperyalismong US sa bansa.

ANG PANUNUMBALIK

Armadong panghihimasok ng US sa Pilipinas

"Ikalawang yugto ng digma"

Digmang agresyon ng US, pinag-iibayo ni Bush

Sa talumpati ni Bush nitong Marso 11, limang buwan matapos simulan ng US ang "digmang kontra-terorismo" nito, inilatag niya ang mga maniobra at plano ng imperyalismong US para sa "ikalawang yugto ng digmang kontra-terorismo". Kabilang dito ang papalawak na arma-dong interbensyon sa Afghanistan, papalawak na mga armadong panghihimasok sa maliliit na bansa na umano'y pinupugaran ng mga "terorista" tulad ng Pilipinas, Georgia at Yemen at ang mas masaklaw na digmaan laban sa pinaratangan niyang "Axis of Evil" (sentro ng kasamaan).

Apat na libong karagdagang sundalong Amerikano ang nakatakdang ipadala sa Afghanistan upang "lubusin" ang digmaan doon. Anim na buwan na ang nakalilipas ngunit wala pang litaw na tagumpay ang US laban kay Osama bin Laden at sa organisasyon niyang al Qaida. Nananatiling mabuway ang pampulitikang sitwasyon sa Afghanistan sa kabila ng pagkakapwesto ng bagong papet na pamahalaan doon. Lumalawak ang galit ng mamamayang Afghan sa patuloy na armadong panghihimasok ng US. Dulot ng mga operasyon ng mga espesyal na pwersang militar ng US at ng tumitinding armadong labanan sa hanay ng mga *warlord* na pumwesto sa estado poder, libu-libong mamamayang Afghan na ang namatay at milyun-milyon pa ang napilitang lumikas.

Nakatakda ring magpadala ng mga espesyal na pwersa ang US sa iba pang bahagi ng mundo, kabilang ang Yemen at Pankisi Gorge, Georgia, malapit sa hangganan nito sa Chechnya. Nakakubli rin ang mga operasyong ito sa "pagsasanay" sa lokal na reaksyunaryong hukbo laban sa lokal na grupong iniuugnay nito sa al Qaida.

Dagdag dito, naghahanda rin ang US para sa mas matagalan at masaklaw na digma laban sa tinagurian nitong "sentro ng kasamaan".



Nababalitang magpapadala ang US ng 250,000 tropa sa Iraq upang pabagsakin ang rehimen ni Saddam Hussein. Nitong Marso, ipinadala ni Bush ang kanyang bisepresidente na si Richard Cheney sa Middle East upang ikampanya at brasuhin ang mga gubyerno roon na suportahan ang ibayong pang-

uupat sa digma ng US. Gayunpaman, nagpahayag ng pagtutol at nagbabala ang mga bansang Arabo laban sa plano ng US.

Kaugnay nito, hiningi ni Adm. Dennis Blair, kumander ng US Pacific Command, ang karagdagang 5,000 tauhan para sa "digmang kontra-terorismo" ng US sa rehiyon. Hinihiling ni Blair ang karagdagang tauhan upang "mas epektibong mapangalagaan" ang mga panseguridad at pang-ekonomyang interes ng US sa rehiyon.

Macapagal-Arroyo, pinuri ni Bush

Sa parehong talumpati, pinuri ni Bush ang sukdulang pagkatuta ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa mga dikta at militaristang patakaran nito. Binigyang-pagtatangi ang tutang rehimen nang ipinahayag nitong "tiwala tayo (mga Amerikano) kay Presidente Arroyo na matapang na lumalaban sa banta ng terorismo".

Muli nitong binanggit ang pangako ng US na karagdagang pondo, kagamitan at pwersa para sa reaksyunaryong hukbo ng Pilipinas bilang premyo ng rehimen. Una rito, inaprubahan ng US ang paglalaan ng \$19 milyon para sa modernisasyon ng AFP sa digma nito laban sa "terorismo". Pauna lamang ito sa \$68 milyong ayudang militar na nakatakdang ibigay ng US sa loob ng limang taon. Naaprubahan na rin ang kahilingan ng Pilipinas para sa karagdagang eroplanong C-130, mga trak, barkong pampatrulya at ilang F-5E eroplanong pandigma.

ANG PANUNUMBALIK Armadong panghihimasok ng US sa Pilipinas

5,000 nagmartsa patungong Clark

Limang libo ang nagmartsa nitong Marso 1 patungong Clark Air Base sa Angeles, Pampanga upang iprotesta ang paglulunsad ng Balikatan sa Basilan. Iginiit ng mga nagpoprotesta na pauwiin ang natitirang Amerikanong tropa na nasa Central Luzon. Ayon sa pahayag ng KMP, noong Pebrero 15 pa natapos ang Balance Piston, isang pagsasanay-militar na ginanap sa Central Luzon, ngunit hanggang Marso ay mayroon pa ring mga tropang Amerikano rito at katunaya'y sangkot pa ang mga ito sa regular na operasyong kombat. Ang martsa ay pinamunuan ng Bagong Alyansang Makabayan at Central Luzon Alliance for a Sovereign Philippines at nilahukan ng mga manggagawa at magsasaka mula sa Hilagang Luzon, Timog Katagalugan, Bikol at Metro Manila.

Mga protesta sa Kanlurang Mindanao

Simula noong Pebrero, sunud-sunod na naglunsad ng mga kilos-protesta ang iba't ibang sektor sa Kanlurang Mindanao laban sa Balikatan. Noong Pebrero 14, inilunsad ng mga progresibong organisasyon ang isang "rekoridang kontra-Balikatan" sa Misamis Occidental. Labing-isang bayan at tatlong syudad ang sinaklaw ng rekorida. Noong Pebrero 9 sa Iligan City, nanguna sa pagpoprotesta ang Bayan Muna, mga kaalyadong organisasyon at Islamic Movement for Electoral Reform and Good Government (IMERGG). Nang pormal na sinimulan ang Balikatan 02-1 noong Pebrero 1, naglunsad ang mga kabataan sa Mindanao State University-Iligan Institute of Technology ng protesta sa pamamagitan ng pagsisindi ng kandila sa loob ng eskwelahan. Nagkaroon din ng mga protesta sa Zamboanga at Basilan.

BALIK-TANAW SA KASAYSAYAN

Ang digmang agresyon ng US sa Mindanao

(1899-1913)

Jang makapagkonsentra ng kanilang pwersa sa Luzon at Visayas, nilinlang ng mga kolonyalistang Amerikano ang Sultan ng Sulu at pinapirma siya sa Kasunduang Bates ng 1899 na nagdedeklara ng soberanya ng US sa mga isla ng Jolo. Nang magapi ang malaking bahagi ng rebolusyonaryong paglaban sa Luzon, makaisang panig na ibinasura ng US noong 1904 ang kasunduan at nagdeklara ng todong digma sa Mindanao.

Nagpamalas ng buong katapangan ang mga mandirigmang Moro at mamamayan ng Mindanao sa paglaban sa mga tropang Amerikano. Dahil sa mas malakas at maraming armas, nasugpo ng mga sundalong Amerikano ang pakikibaka ngunit ininda rin nila ang malalaking pagkatalo. Bilang ganti, buu-buong mga komunidad ang minasaker ng mga tropang US.

Tampok sa mga ito ang sumusunod:

Masaker sa Bud Dajo. Aabot sa 900 ang namatay sa tatlong araw na pagsalakay ng mga Amerikano sa

bukana ng bulkan ng Bud Dajo, Jolo na pinagkublihan ng mga lumalabang Tausug (katutubo sa lugar) noong Marso 5-7, 1906. Tadtad ng bala ang maraming namatay kasama na ang mga bata at kababaihan. Ayon sa mga nakakita sa mga bangkay, marami rito ang may mahigit sa 50 tama. Anim na lalaki lamang ang nabuhay. Walang laban ang mga Tausug na armado lamang ng kris, sibat at ilang riple sa lakas-militar ng mga tropang US na suportado pa ng

sundan sa "US sa Mindanao", pahina 11

mga kanyon ng mga tropang nabal. Ibinilin

mula sa "US sa Mindanao", pahina 10

ni Gen. Leonard Wood sa dalawang batalyong pinamunuan niya na patayin o hulihin ang mga Tausug. (Si Gen. Wood ay naging Gobernador-Heneral ng Pilipinas mula 1921-27.) Sa panig ng mga tropang Amerikano, 21 patay at 75 sugatan ang naitala.

Masaker sa Bud Bagsak.


Nagtrensera ang mamamayan ng Lati, Jolo mula Enero hanggang Hunyo 1913 sa matitibay na kuta sa mga bundok sa Jolo. Sunud-sunod na sinugod ng mga tropang US ang mga kuta hanggang sa Mt. Bagsak. Noong Hunyo 11, 1913 iniutos ni Gen. John Pershing ang pag-atake sa kuta. Aabot sa 2,000 ang namatay kasama ang 196 kababaihan at 340 bata. Bagamat nabunyag ito sa midya at tinuligsa ng mga mamamayang Amerikano, hindi naparusahan si Pershing.

Masaker sa Talipao. Tinutulan ng mga mamamayan ng Talipao, Jolo ang pagbabayad ng buwis sa US gaya ng sedula at *toll* sa paggamit ng kalsada. Nagtrensera sila sa Mt. Talipao at noong Agosto 13, 1913 ay sinalakay at tinalo sila ng mga tropang Amerikano. Ito ang naging huling mayor na paglaban ng mga Moro at idineklara ng US na tapos na ang digmaan sa Mindanao.

Kampanyang *psywar* laban sa BHB, pakana ng CIA

sang agresibong kampanyang psywar at paninira laban sa BHB ang kasalukuyang pinagtutuunan ng Special Affairs Group ng AFP sa kumpas ng US Central

Intelligence Agency (CIA). Nakatuon ang kampanyang ito sa pagbuhay sa multo ng mga kahibangan ng mga operasyong kontra-paniktik sa loob ng rebolusyonaryong kilusan noong ikalawang hati ng dekada 1980, gayong nasa kanlong ng gubyerno ang mga nagpasimuno nito, kabilang ang mga pangunahing nagpakana ng "Operation Missing Link" (OPML)



sundan sa "Kampanyang psywar", pahina 12

ng kalibre .45 pistolang *automatic* ay nilikha noong 1911 dahil sa pangangailangan ng mga sundalong Amerikano ng mas malakas na armas na panagupa sa mga binansagan noong "huramentado". "Huramentado" ang mapangutyang katawagan noon sa mga Moro na armado lamang ng kris habang sumusugod sa mga sundalong Amerikano at nakahandang magbuwis ng buhay upang hindi maging alipin ng mga imperyalista. Tinatalian din ng mga mandirigmang Moro ang kanilang mga kasukasuan upang pigilin ang pagdurugo kapag tinatamaan sila sa bisig o paa, kaya hindi sila nanghihina at patuloy silang nakasusugod sa mga bumabaril sa kanila. Sa gayong determinasyon ng mga mandirigmang Moro, hindi sila basta napababagsak ng mas mababang kalibreng mga ripleng Springfield at Krag at mga rebolber, na siyang karaniwang gamit ng mga sundalong Amerikano noon. Dulot nito, maraming upisyal at sundalong Amerikano ang namatay sa kamay ng magigiting na Moro.



Ang kampanyang *psywar* ng AFP ay naglalayong takpan ang di-mapasusubaliang tagumpay ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto (IDKP) at ang ibinunga nitong malalaking pagsulong at pagtaas ng prestihiyo ng Partido at

rebolusyonaryong kilusan. Iwinaksi ng IDKP ang mga kahibangang pinasimunuan ng mga taksil, at muling pinagtibay ang mga rebolusyonaryong prinsipyo sa pagpapatupad ng rebolusyonaryong hustisya. Kabilang sa mga ito ang pangangailangan sa matapat na pag-alam sa katotohanan, masinop na pagtalima sa mga tuntunin sa ebidensya at paghuhusga batay sa masusing pagsusuri at tiyak na mga ebidensya; pagsunod sa wasto at makatarungang mga proseso sa pag-iimbestiga at paglilitis; pagbibigay sa mga akusado ng pagkakataong maipagtanggol o magtanggol sa sarili; makataong pangangalaga at di pagmamalupit sa mga bihag; at pagrespeto sa buhay at mga karapatang-tao. Gustong palabasin ng kaaway na kabaligtaran ng mga ito ang umiiral.

mula sa "Kampanyang psywar", pahina 11

masmidya at mga NGO na pinopondohan ng mga ahensyang US.

Layunin ng kaaway na gibain ang integridad ng Partido at BHB bilang paghahanda sa balak ng US para sa tuwirang agresyon nito laban sa rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas. Pinalalabas nilang isang teroristang grupo ang BHB at sa gayon nararapat na targetin ng kanilang "digmang kontra-terorismo".

Nagluluwal ang naturang kampanya ng kaaway ng mga istoryang kathang-isip at pagbabaluktot sa mga datos. Naglilipat-lipat sila ng mga kalansay ng kung sinu-sinong tao at sa harap ng masmidya ay muling "binubungkal" ang pinagbaunang mga hukay. Pinatalsik na ang mga pasimuno ng kahibangan, subalit patuloy pa ring sinusuhayan ang kasinungalingang nagpapatuloy pa ito sa loob ng rebolusyonaryong kilusan. Maging ang bagong mga pagsasalbeyds at pagbabaon ng mga biktima ng AFP at PNP ay pinalalabas nilang kagagawan ng rebolusyonaryong kilusan.

Nitong unang linggo ng Marso, "nakatagpo" ang Southern Luzon Command ng AFP ng 58 kalansay at 6 na bagong bangkay na ibinaon sa magkakatabing hukay sa Candelaria, Quezon. [Malamang na ang huling anim ay mga biktima ng pagsalbeyds ng AFP kamakailan.] Isinagawa pa ang seremonya ng pagbasbas sa mga kalansay at pagbibigay dito ng "disenteng libing". At upang

kumpletuhin ang palabas, pinadalo sa seremonya ang ilang mga nagtaksil sa rebolusyonaryong kilusan at sumuko sa gubyerno, at itinayo ang karatulang "Bantayog ng mga Biktima ng NPA"—isang malaking kabalintunaan sa harap ng kawalang-respeto at pambababoy na ginagawa ng AFP at PNP sa mga biktima ng kanilang pagsasalbeyds.

Naglubid pa si Lt. Col. Jose Mabanta, tagapagsalita ng Philippine Army, ng pantastikong kwentong sa nakaraang limang taon nakabungkal sila sa paligid ng Bundok Banahaw ng mahigit 200 kalansay ng mga biktima ng pagpatay ng BHB noong dekada 1980. Bukod pa raw ito sa 4,000 mga kasapi ng BHB na pinatay sa nakaraang dekada. Ang pagkawala ng anim na aktibista sa Gitnang Luzon mula noong Pebrero na pinaniniwalaang dinakip ng militar ay malisyosong ibinibintang ng AFP na kagagawan ng rebolusyonaryong kilusan. Bahagi rin ng kampanyang psywar ng CIA ang paglalabas noong huling bahagi ng 2001 ng librong To Suffer Thy Comrades na naglalaman ng mga binaluktot na kwento kaugnay ng OPML. Nagsilbing tagapayo sa paglalabas nito sina Ricardo Reyes at Nathan Quimpo, mga pangunahing responsable sa pagpapatupad ng Kahos sa Mindanao, na tumangging magwasto, tuluyan nang nagtaksil sa kilusan at kasalukuyang kinakanlong ng kaaway. Sangkot din sa proyekto si Joel Rocamora na ahente ng CIA. AB

Ang propagandang anti-BHB ng AFP

Ang wasto, makatarungan at lehitimong rebolusyonaryong gawain ng BHB ay pilit na binabaluktot ng AFP at reaksyunaryong estado upang dungisan ang mataas na prestihiyo ng BHB, palabasing ito ay simpleng kriminal at "teroristang" organisasyon at pagtakpan ang sariling masamang reputasyon. Bahagi ito ng kabuuang kontrarebolusyonaryong gawi ng kaaway at ng kanilang paghahanda para sa mas masahol pang armadong panghihimasok ng mga pwersang US sa bansa laban sa BHB. Pinagtuunan nila ngayon ang sumusunod na mga tema ng paninira sa BHB:



"REKRUTMENT NG MGA BATA". Pinararatangan ng AFP ang BHB na malawakang nagrerekrut ng mga bata. Ang ilang nadarakip nila sa kanayunan na mga batang nasa mga grupong pansuporta ng rebolusyonaryong kilusan at kahit mga sibilyang bata ay pinalalabas nilang kombatant ng BHB. Ang mga napapasakamay ng AFP ay ginagamit na pambala sa propaganda nito, labag sa kanilang kagustuhan at mga karapatan bilang bata. Bilang paglilinaw, muling inilabas ng Partido noong 1998 ang patakaran ng minimum na edad na 18 taong gulang para sa mga sasapi sa BHB.

"EKSTORSYON". Ang lehitimong patakaran ng rebolusyonaryong pagbubuwis sa mga kaaway sa uri sa mga teritoryong saklaw ng kapangyarihang pampulitika ng rebolusyonaryong kilusan ay pakutyang tinatawag ng AFP na "ekstorsyon" o simpleng kriminal na pangingikil. Sa maraming

pagkakataon, tulad ng ginagawa ng 17th at 50th IB sa Ilocos at Cordillera, ginagamit ng AFP ang pangalan ng BHB sa pagpapadala ng mga huwad na sulat, gamit ang magaspang na lenggwahe at pananakot sa mga negosyante upang magalit sila sa BHB. Kapag naloko ang negosyanteng sinulatan, ibinubulsa ng mismong mga upisyal militar ang mga nakikil na pera.

"KANGAROO COURT". Ang hukumang bayan ay tinatawag ng AFP na "kangaroo court", isang pakutyang termino na nagsasabing ang sistemang pangkatarungan na ipinatutupad ng rebolusyonaryong kilusan ay arbitraryo, padalusdalos at pakitang-tao lamang. Taliwas ito sa katotohanang ang bawat kaso ay masusing pinagaralan, dinidinig, hinahatulan at nirerepaso ayon sa mga prinsipyo sa pagpapatupad ng rebolusyonaryong hustisya. Bukod sa paninira sa rebolusyonaryong kilusan, layunin din nitong tabingan ang bulok

sundan sa "Anti-BHB", pahina 14



Paninira ng AFP, pinabulaanan ng BHB sa Abra

nilantad ng Agustin Begnalen Command (ABC) ng BHB sa Abra ang paglalabas ng AFP ng huwad na pahayag na pirmado ng isang "Ka Sugpon" diumano

ng Leonardo Pacsi Command (LPC) at nagsasabing limang alkalde sa Abra ang target likidahin ng BHB. Ayon sa huwad na pahayag, ang mga alkalde sa mga bayan ng San Isidro, La Paz, Lagayan, San Juan at Bucloc ay target likidahin ng BHB. Kinundena ng ABC ang 503rd Bde na siyang nagpapakana ng *black propaganda* na ito na may layuning takutin ang ilang meyor na sumusuporta sa

BHB at udyukang lumaban ang iba.

Ayon sa ABC, sa naturang mga alkalde, tanging si Mailed Molina, meyor ng Bucloc at pinuno ng isang paksyon ng paramilitar na Cordillera People's Liberation Army, ang siyang dapat parusahan. Dulot ito ng kanyang maraming utang na dugo sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan—armadong pagtataksil sa rebolusyon, pagpatay sa maraming Pulang mandirigma at sibilyan, pangagamkam ng lupa ng mga magsasaka at iba pa. Nilinaw din ng BHB-ABC na Mountain Province, at hindi Abra ang saklaw ng Leonardo Pacsi Command.

at inutil na sistema ng hustisya sa bansa na pabor sa mga naghaharing uri at nang-aapi sa mga mahihirap, at gayundin upang ikubli ang napakaraming mga kaso ng pagsalbeyds at karakarakang pagpatay ng mga militar at "alagad ng batas" sa mga sibilyan nang hindi na dumaraan sa anumang proseso.

"ASASINASYONG PULITIKAL".

Ang pagpataw ng rebolusyonaryong katarungan sa ilang sagadsaring reaksyunaryong napatunayan ng mga hukumang bayan na may utang na dugo sa rebolusyonaryong kilusan at sa mamamayan ay pakutyang tinatawag na "asasinasyong pulitikal". Pinalalabas na ang mga pinarusahang pasista at berdugo tulad ni Col. Rodolfo Aguinaldo ay mga "simpleng pulitiko".

"KIDNAP-FOR-RANSOM".

Para palabasing mga "terorista" ang BHB, pilit na pinalalabas ng AFP na nagsasagawa ito ng mga kidnap-for-ransom. Hindi na sikreto sa nakararaming mamamayan na ang nagsasagawa at nagbibigay-proteksyon sa mga grupong nagsasagawa nito—tulad ng Abu Sayyaf—ay nasa loob ng AFP at PNP at wala sa rebolusyonaryong kilusan.

Epektibong nilalabanan ng mamamayan ang Mining Act of 1995

odong ibinukas ng Mining Act of 1995 ang malalawak na lugar sa bansa sa pandarambong ng mga dayuhan sa mga likas na yaman ng bansa. Itinataguyod ito sa pamamagitan ng iba't ibang marahas at mapanlinlang na pamamaraan upang agawin mula sa mga magsasaka at pambansang minorya ang mga lupaing saklaw ng mga aplikasyon, wasakin ang kabuhayan, kalusugan at mahuhusay na kaugalian ng mamamayan, sirain ang kanilang kapaligiran at sugpuin ang kanilang mga pagtutol.

Mula nang naisabatas ang Philippine Mining Act noong Marso 3, 1995, dumagsa ang mga aplikasyon para sa mga Financial Technical Assistance Agreement (FTAA), Mineral Production Sharing Agreement (MPSA) at Exploration Permits. Ang mga naaprubahan na ay sumasakop ng 677,770 ektaryang lupain. Mayorya ng mga nabigyan ng mga ito ay malalaking dayuhang kumpanya sa pagmimina. Mayroon ding mga aplikasyon para sakupin ang karagdagan pang 13,548,006 ektarya. Saklaw ng lahat ng mga ito ang humigit-kumulang 5% ng kabuuang lupain sa Pilipinas, kalakhan ng mga ito mga lupaing ansestral ng mga pambansang minorya.


Sa iba't ibang lugar sa bansa mula dulong hilaga hanggang dulong timog, laluna kung saan malakas ang rebolusyonaryong kilusan, sunud-sunod na nabibigo at napalalayas ang mga dayuhang mandarambong bunga ng magiting at sustenidong pagtutol ng mamamayan.

Noong 2000, nagpasa ang Sangguniang Panlalawigan ng Capiz at Iloilo ng resolusyon na nagbabawal sa pagmimina ng mga dayuhan

sa prubinsya. Ang Western Mining Corporation (sa South Cotabato) at Arimco Mining (sa Nueva Vizcaya), parehong negosyong Australian, ay hindi rin nakapag-umpisa ng pagmimina dahil sa mainit na protesta ng mga mamamayan sa lugar.

Kamakailan, nagdeklara ang Sangguniang Panlalawigan ng Oriental Mindoro ng 25-taong moratoryum o pagbabawal sa pagmimina sa prubinsya.

sundan sa "Mining Act", pahina 15



14

PANANALANTA NG PASISTANG ESTADO

Abilang sa pinakahuling mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao mula Enero hanggang Marso, ang sumusunod: hanggang Marso ang sumusunod:

Marso 15. Pwersahang pinalikas ng mga sundalo ng 1st IB ang hindi kukulangin sa 10 pamilyang Dumagat mula sa kanilang mga tahanan sa Sityo Tayabasan, Barangay San Jose, Antipolo City. Binantaan silang papatayin at susunugin ang mga bahay nila kung sila ay babalik. Binastos din ng mga sundalo ang

isang babaeng Dumagat, si Carmelita de la Cruz, nang pilit itong pinaghubad sa harap ng kanyang mga anak.

Marso 1. Pinatay ng mga tropa ng Revolutionary Proletarian

> Army (RPA) si Pedro Trabajador, 70. Ang RPA ay nagsisilbing armadong goons ni Danding

Cojuangco at pwersang paramilitar ng AFP. Si "Tav Pedring" ay pinatay habang pauwi sa Sityo Tanquinto, Barangay Mabini, Escalante City, Negros Occidental. Myembro siya ng National Federation of Sugar Workers na aktibong lumalaban sa malawakang pangaagaw ng kampong Cojuangco sa lupa ng mga magsasaka sa

sundan sa "Pananalanta", pahina 16

mula sa "Mining Act", pahina 14

Sa partikular, tinututulan nila ang plano ng Crew Minerals Development Corporation, isang kumpanyang Canadian, na magsagawa ng open-pit mining o pagmimina sa pamamagitan ng pagbuldoser at paghukay sa lupa upang makuha kahit ang lowgrade ore (mababang grado ng batong mineral). Nakahapag ang lima pang plano sa pagmimina sa prubinsva.

Sa Mati, Davao Oriental, mariing tinututulan ng mga Mandaya (isang tribong lumad) at mga aktibistang pangkalikasan sa Mindanao ang balak ng 20 kumpanya sa pagmimina. Saklaw ng mga lisensya sa pagmimina ang 20,000 ektaryang lupang ansestral ng mga Mandaya. Bunga ng pagtutol ng mamamayan, napigilan din ang pagpapalawak ng operasyon ng isang lokal na kumpanyang nagmimina ng silica sa lugar.

Sa Placer, Surigao del Norte, nagmartsa ang mga kasapi ng Anislagan Bantay-Kalikasan Task Force (Abakataf) at Aklas-Kinaiyahan noong Disyembre 30 patungo sa mismong minahan ng Manila Mining Corporation (MMC) para tutulan ang operasyon ng kumpanya at magprotesta laban sa pagkakasira nito sa watershed area na nagsusuplay ng tubig sa kanilang mga bukid at sa buong prubinsya.

Tinututulan din ng mamamayan sa Batarasa,

Palawan ang balak na pagtatayo ng \$150 milyong nickel refinery plant doon. Magkasosyong proyekto ito ng Sumitomo Metal Mining Corporation, isang higanteng korporasyong Hapones sa pagmimina, at ng Rio Tuba Nickel Mining Corporation na pagaari nina Ronaldo at Manuel Zamora. Balak ng kumpanya na makapagmina ng 10,000 toneladang nickel at 750 toneladang cobalt mixed sulfide sa loob ng 20 taon.

> Sa kabila ng mabilis na paglawak ng pakikibaka ng mamamayan laban sa dayuhang pagmimina, nananatili ang malaking banta ng malawakang pagpasok sa bansa at pandarambong ng mga dayuhang kumpanya sa pagmimina, liban pa sa mga kasalukuyang nag-ooperasyon na. Mahalagang masaklaw din ng mga pagpapaliwanag, pag-oorganisa at pagkilos

laban sa dayuhang pandarambong ang iba pang mga lugar kung saan, sa tulong na rin ng gubyerno, mga repormistang grupong tulad ng mga "Soc Dem" at mga mersenaryong NGO, mabisa pang nakapanlilinlang ang mga kumpanya sa pagmimina. Sa edukasyon-propaganda, pag-oorganisa at pagkilos laban sa dayuhang pandarambong, mahalagang kagyat na dalhin sa mataas na antas ang linyang anti-imperyalista kasabay ng pagpapalawak ng linyang antipyudal at linyang antipasista. 🕮



mula sa "Pananalanta", pahina 15

lugar para sa pinalalawak nitong plantasyon ng kamoteng kahoy at mais.

Samantala, nitong Marso 7 ay arbitraryong pinalayas ng RPA at inalisan ng karapatan si Arden Edem, sa lupang kanyang binubungkal sa Hacienda Pandanon III, Don Salvador Benedicto, Negros Occidental.

Pebrero 15. Walang-awang pinatay ng mga tropa ng berdugong 74th IB si Adriano Custodio, 95 taong gulang, dating myembro ng Hukbalahap at iginagalang na residente ng Barangay Mabini, Mulanay, Quezon. Pinag-initan ng militar ang matanda nang matagpuan sa



kanyang bahay ang bangkay ng isang mandirigma ng BHB na inihahandang dalhin sa punerarya. Maraming beses

siyang binaril ng mga berdugo, pinagsasaksak at tinaga ng itak sa paa. Matapos ito, ipinarada ng mga pasista ang bangkay ng Pulang mandirigma sa baryo habang pasigaw na nagbababala laban sa pag-aruga sa BHB.

Unang linggo ng Pebrero.

Dinemolis sa utos ng mismong City Housing Land Management Office ang bahay ng 465 pamilya sa Sogod, Barangay Apopong, Cebu City. Walang sangkapat ng mga pamilyang pinalayas ang pinaglaanan ng gubyerno ng paglilipatan sa erya ng relokasyon.

Pebrero. Iligal na pinaghahalughog at pinagnakawan ng mga tropa ng 27th IB at 11th Special Forces ang mga bahay sa Butril, Kabuling at Lebua, mga barangay sa Palembang, Sultan Kudarat. Pinagtakpan ni Col. Pedrito Magsino, kumander ng 601st IB ang pang-aabuso ng mga sundalo at nangatwiran pa na bahagi ito ng pagtugis sa mga kidnaper ng isang Koreano at isang negosyante.

Enero 21. Sapilitang pinalayas ng pulisya ang mga residente at winasak ang may 1,000 bahay sa Barangay Central, Dipolog City. Ang Barangay Central, na malapit sa baybayin ng Dipolog, ay balak tayuan ng P65-milyong "proyektong pangkaunlaran" ng World Bank. Inilipat ang mga residente sa isang lugar na iisa ang kasilyas at walang tubig ni kuryente.

Enero 9. Marahas at walang-babalang dinemolis ng mga pulis ang 120 kabahayan ng mahigit 800 residente sa Sta. Cruz, Barangay Puntod, Cagayan de Oro City at iligal na inaresto ang 10 sibilyan. Kabilang sa mga inaresto si Nero Vallar, panrehiyong kagawad ng Bayan Muna at si Danny Bulosan, pinuno ng Nagkahiusang Kabus sa Santa Cruz, isang

organisasyon ng maralitang lunsod.
Matapos saktan at arestuhin, saka pa lamang sila ginawan ng mandamyento de aresto.

Mga pasistang atake laban sa Bayan Muna

MULA NOONG MARSO 2001, UMABOT na sa 37 ang kabuuang bilang ng mga atake ng reaksyunaryong estado laban sa mga kasapi at tagasuporta ng Bayan Muna, ang partido ng mga patriyotiko at demokratikong pwersa.

Kabilang sa mga kasong ito ang pagpatay kina Peter Dagawin, Ricardo Romero, Roberto Nepa, Wilfredo Mananghaya, Lando Cabagay, Roger Fernando at Philip Lopa, pawang mga lider ng Bayan Muna mula sa iba't ibang prubinsya.

Kabi-kabila rin ang mga kaso ng tortyur, iligal

na pag-aresto, pwersahang pagkawala (*missing*) at iba pang paglabag sa mga karapatang-tao ng mga kasapi at lider ng Bayan Muna.

Mula Pebrero, sunud-sunod na iligal na inaresto at itinangging ilitaw ang mga lider ng Bayan Muna sa Gitnang Luzon. Nawawala pa hanggang ngayon sina Juan Sario Orcino, *coordinator* ng Bayan Muna at kasama nitong si Honorio Ayroso. Dinukot sila ng limang armadong kalalakihang pinaghihinalaang kabilang sa National Intelligence Coordinating Agency noong Pebrero 7 sa Barangay Sto. Niño,

sundan sa "Bayan Muna", pahina 17

Mga Ulat XORESPONSAL

San Jose City, Nueva Ecija.

Nawawala pa rin hanggang ngayon sina Edwin Villaruz, drayber ng traysikel, at Rowena Bayani, kapwa kasapi ng Bayan Muna. Dinukot sila noong Pebrero 4 ng mga pinaghihinalaang tropa ng 70th IB sa Barangay Cabiticulan West, Maria Aurora, Aurora.

Noon namang Pebrero 2, sinugod ng mga pulis ang bahay nina Rustico Pamintuan at Luz Patinga, kapwa magsasaka sa Tarlac. Matapos bugbugin at nakawan, iligal silang inaresto at ibinimbin sa Camp Makabulos, Tarlac. Sinampahan sila ng gawagawang kasong *kidnapping for ransom* at *robbery*.

Sa Kapatagan, Zamboanga del Sur, hinuli at pinatay sa bugbog noong Pebrero 3 si Dante Sumatra Bones, isang karpintero at tagasuporta ng Bayan Muna. Pinagbubugbog at iniuntog ni PO3 Solomon Sanchez sa semento ang ulo ni Bones sa loob mismo ng hedkwarters ng PNP sa Kapatagan.

Naunang nawala at hindi na natagpuan si Camenia Abatan, isang Ata-Manobo na awditor ng Bayan Muna-Talaingod tsapter sa Davao del Norte. Dinukot siya ng mga tropa ng 72nd IB noong Hunyo 23, 2001.


Ayon sa Bayan Muna, ang patuloy na mga atakeng ito laban sa kanila ay patunay na ang rehimeng Macapagal-Arroyo ay di rumerespeto sa karapatangtao ng mamamayan at mga makataong batas.

Mga salot sa Leyte, pinarusahan ng BHB

Laban sa PASAR. Noong Pebrero 28, sinunog ng mga Pulang mandirigma mula sa Mt. Amandewin Command ng BHB sa Leyte ang isang sasakyan ng PASAR, isang kumpanyang nagpoproseso ng tanso. Pinarusahan ang PASAR dahil sa patuloy nitong paglabag sa mga karapatan ng mga manggagawa nito at walang pakundangang pagtatapon ng mga nakalalasong kemikal sa dagat at mga karatiglugar.

Ayon kay Ka Dodong Malaya, tagapagsalita ng kumand, mula nang itayo ang PASAR sa Isabel, Leyte noong 1983, naging pusakal na ito sa paglabag sa karapatan ng mamamayan. Limandaang pamilya ang pinalayas para maitayo ang planta. Sinusupil nito ang karapatan ng mga manggagawa sa pag-oorganisa at pinananatiling mababa ang kanilang sahod. Wala rin silang katiyakan sa trabaho.

Ilang ulit na binalaan ng BHB ang PASAR na baguhin ang pamamalakad nito, subalit hindi ito tumugon. Ang pagsunog ng Mt. Amandewin Command sa sasakyan ng PASAR ay paunang parusa na hahantong sa mas mabibigat pang parusa kung patuloy na magmamatigas ang kumpanya.



7 sundalo patay, 17 sugatan sa ambus sa Surigao del Sur

Pitong sundalo ang namatay at 17 ang malubhang nasugatan nang ambusin sila ng mga Pulang mandirigma sa Surigao del Sur nitong Marso 15.

Ayon sa mga ulat koresponsal mula sa Hilaga-Silangang Mindanao, bandang ala-una ng hapon nang paputukan ng isang yunit ng Ka Bob Ruiz Command (BRC-BHB) ang isang dumptruck na puno ng mga elemento ng 62nd IB sa Barangay Tagbobonga, Hinatuan. Papunta ang nasabing yunit ng BRC sa isa pang lugar upang magsagawa ng taktikal na opensiba nang maipaabot sa kanila na mayroong kilos ng kaaway sa Tagbobonga. Gamit ang datos-paniktik na nakuha nila, agad silang naglatag ng ambush trap. Inambus ang mga sundalo habang binabagtas nila ang PICOP Concession Road mula sa kanilang base sa Sta. Maria, Trento, Agusan del Sur patungong Bislig City sa Surigao del Sur.

Ang 62nd IB ay pusakal na pasistang yunit na responsable sa pananalanta sa mamamayan ng Agusan del Sur at nagsisilbing maton ng Paper Industries Corporation of the Philippines (PICOP).

Isang Pulang mandirigma ang nasawi sa naturang labanan.

Walang taktikal na opensiba sa semana santa—*Ka Roger*

Inilinaw ni Gregorio "Ka Roger" Rosal nitong Marso 20 na hindi maglulunsad ng taktikal na opensiba ang BHB sa panahon ng semana santa liban na lamang sa "mga espesyal na kalagayan". Aniya, ito ay bilang pagrespeto sa mga "tradisyong Katoliko". Gayunman, inilinaw niya na hindi ito katumbas ng pagdedeklara ng tigil-putukan, taliwas sa mga maling ulat sa masmidya.

Kaugnay nito, binatikos ni Ka Roger ang tusong pagdedeklara ng rehimeng Macapagal-Arroyo ng unilateral na tigil-putukan sa semana santa. Iginiit niyang "isa lamang itong palabas upang magmukhang maka-kapayapaan ang rehimen at "hindi naman nila ito talagang ipinatutupad". Ginagamit ngayon ng rehimen ang naturang deklarasyon upang ipanawagan sa Valentin Palamine Command -Dulong Timog Mindanao na palayain na ang hawak nitong mga bihag-digma kahit walang idedeklara ang gubyerno na SOMO (suspension of offensive military operations) sa rehiyon.

2 pulis patay, 1 sugatan sa reyd sa Samar

Dalawang pulis ang napatay at isa ang sugatan nang salakayin ng mga gerilya ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang istasyon ng Philippine National Police (PNP) sa Motiong, Samar noong Pebrero 28. Ilampung metro lamang ang layo ng istasyon sa Maharlika Highway, pangunahing haywey na tumatawid mula Luzon hanggang Mindanao.

Isinagawa ang reyd alas-4:30 ng madaling araw, at natapos sa loob ng 30 minuto. Nasamsam mula sa matagumpay na reyd ang 10 M16, tatlong M14, isang 12-gauge shotgun, apat na 9mm na pistola, apat na granada, mga bala, magasin at iba pang kagamitang militar.

Ang reyd ay nilahukan din ng ilampung myembro ng milisyang bayan. Pansamantalang hinarangan ng isang tim ng mga Pulang mandirigma at milisya ang Maharlika Highway habang isinasagawa ang taktikal na opensiba upang maiwasang may madamay na sibilyan.

Salungat sa mga ulat na lumabas sa midya, walang kaswalti sa panig ng BHB. Bago sila umatras, nagpormasyon ang mga gerilya sa tapat ng munisipyo para matiyak ang bilang at kalagayan ng buong pwersa ng BHB at milisya.

Sa sobrang kahihiyan, iniutos ng pamunuan ng PNP sa Silangang Kabisayaan ang pagtatanggal sa buong pwersa ng PNP sa Motiong, kabilang ang hepeng si Senior Insp. Isidro Acaylar. Tinanggal din sa pwesto si Senior Supt. Felipe Portacio, PNP provincial director ng Samar.

Pagpapalaya sa lider-NDF, iginiit

Iginiit kamakailan ni NDFP *chief negotiator* Luis Jalandoni na agad palayain ng gubyerno si Edgardo Sacamay, konsultant ng NDF *peace panel* sa Central Visayas. Si Sacamay ay dinukot ng mga elemento ng AFP noong Marso 5 sa Subangdaku, Cebu. Piniringan, sinaktan at ipinagkait si Sacamay sa kanyang pamilya at mga tagapagtanggol ng karapatang-tao. Ipinailalim siya sa matinding interogasyon at pinaratangan ng kung anu-anong krimen.

Singil sa kuryente, tataas nang 116%

Nakatakdang tumaas ang singil sa kuryente ng hanggang 116% matapos maghapag ng petisyon sa Energy Regulatory Board ang Manila Electric Cooperative (Meralco). Inilantad ito ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN)

nitong Marso 25. Ang pagtaas ng singil ay magiging katumbas ng dagdag na P3.97 bawat *kilowatt hour* (KwH) sa bayarin ng mga konsumer.

Ayon sa BAYAN, ginamit ng Meralco ang Electric Industry Reform Act na nagpapahintulot sa "unbundling" o paghihiwa-hiwalay ng batayang singil sa kuryente sa iba't ibang sangkap nito. Papatungan din nito nang P1.12 bawat KwH ang batayang singil at nang P2.85 bawat KwH ang iba pang sangkap.

Rali ng Plunder Watch, marahas na binuwag

Marahas na binuwag ng mga pulis ang rali ng ilandaang myembro ng Plunder Watch sa tapat ng Sandiganbayan nitong Marso 13. Inilunsad ang rali habang binibista si Joseph Estrada sa kasong *perjury*



(pagsisinungaling sa kanyang mga upisyal na dokumento). Ipinanawagan ng mga nagrali ang "walang kompromiso, walang exile para kay Estrada". Ang rali ay binuwag sa kabila ng naunang kasunduan na maaaring maglunsad ng programa ang mga nagrarali roon.

Mga bomba itinanim sa Metro Manila

Sa tangkang maghasik ng takot sa mamamayan, pitong bomba na ang itinanim at natatagpuan sa mga pampublikong lugar ng Metro Manila. Nakadisenyo ang mga "bomba" upang makapanakot at hindi sasabog. Halos sabay-sabay na natagpuan ng mga elemento ng PNP ang mga bomba. May kalakip ang mga bomba na pahayag mula sa isang "Indigenous Federal State Army". Pinaniniwalaang ito'y kagagawan mismo ng rehimeng Macapagal-Arroyo upang bigyang-katwiran ang pagpapapasok ng mga tropang Amerikano sa Pilipinas.

Presyo ng langis, muling itinaas

Itinaas ng mga kumpanya ng langis ang presyo ng mga produktong petrolyo nang 30-35 sentimos nitong Marso 19. Tulad ng dati, idinadahilan ng mga ito ang

Usapang pangkapayapaan, isinaisantabi ng rehimeng Macapagal-Arroyo

Binuwag na ni Macapagal-Arroyo ang mga panel ng GRP na nakikipag-usap sa NDFP at MILF at sinabing idaraan na lamang ang mga usapan sa *back channel* (mga di upisyal na daluyan) sa pamamagitan ng mga emisaryo. Dalawang linggo bago nito, sinuspinde ng rehimen ang pormal na pakikipag-usapang pangkapayapaan nito sa MILF. Noon pang nakaraang taon sinuspinde ng rehimen ang pormal na pakikipag-usapang pangkapayapaan nito sa NDFP at iginigiit nitong panatilihin na lamang sa *back channel* ang mga pag-uusap.

Inilinaw ng NDFP na ang mga back channel na usapan "ay hindi maaaring pumalit sa seryosong pagpupunyaging isinagawa ng mga negotiating panel, mga subkomite, konsultant at istap." Ayon kay Luis Jalandoni, tagapangulo ng NDFP

peace panel, sa di pagkilala sa mga kasunduan sa pagitan ng NDFP at mga nakaraang rehimen, isinasaisantabi na ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang usapang pangkapayapaan. Ani Jalandoni, "Walang ipinakikitang interes (si Macapagal Arroyo) na pumasok sa usapang pangkapayapaang lulutas sa ugat ng armadong tunggalian. Sa halip, nananawagan siya ng pagsuko at nagbabanta ng todo-todong digma." Sinabi rin ni Jose Ma. Sison na "(si Macapagal-Arroyo) ay nagpapanggap na pabor sa negosasyong pangkapayapaan, subalit naghahasik ng mga brutal na kampanyang panunupil."

Nitong Marso 16, hiningi ng Malakanyang sa NDFP at MILF na magsalong na ng armas at sumuko sa gubyerno. Kasabay nito nagbigay din ang rehimen ng bruskong babala sa NDFP at sa MILF na kapag magpapatuloy ang diumano'y mga terorista at kriminal na pag-atake sa mga pwersa ng gubyerno, gagamitin nito ang lahat ng kakayahan nito laban sa NDFP at MILF.

pagtaas ng presyo ng krudong langis sa pandaigdigang pamilihan. Agad namang sinalubong ng protesta ng mga progresibong organisasyon at pwersa ang hakbang na ito at kinundena ang pakikipagsabwatan ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa mga kumpanya ng langis.

P10-B kumpensasyon para sa mga biktima ng diktadura, iginiit sa Kongreso

Nitong Marso 10, pumasa sa Human Rights Committee ng Kongreso ang House Bill 3797 at 3048, mga panukalang batas na nag-oobliga sa estado na bigyang-kumpensasyon ang mga biktima ng batas militar at naglalaan ng P10 bilyon para rito. Ang naturang mga panukala ay inihapag nina Satur Ocampo, Crispin Beltran at Liza Maza ng Bayan Muna at ni Oscar Rodriguez ng Pampanga.

Utang ng gubyerno lumobo

Para sa 2001 lamang, umabot sa P218.207 bilyon ang kabuuang inutang ng gubyerno. Dagdag ito sa P2.166 trilyong utang nito noong 2000. Lampas kalahati nito ay mga lokal na utang sa anyo ng mga bono ng gubyerno at mga utang ng iba't ibang ahensya ng gubyerno.

Aregluhang Macapagal-Arroyo-Cojuangco, binatikos

Nagrali ang mahigit 100 maliliit na magniniyog sa pamumuno ng Bicol Coconut Planters Association, Inc., Kilusang Magbubukid ng Pilipinas at Pinag-isang Lakas

> ng Magbubukid sa Quezon, sa harap ng upisina ng San Miguel Corporation (SMC) sa Pasig City noong Pebrero 27. Tinutulan nila ang aregluhan sa pagitan

ng SMC at ng Kirin Co., Ltd. at iginiit ang pagpapatalsik kay Eduardo "Danding" Cojuangco mula sa SMC. Anila, pinatitibay lamang nito ang kontrol ni Cojuangco sa mga pondong dapat ay pag-aari ng mga magsasaka.

Disempleyo lumalala



Tumaas ang tantos ng disempleyo mula sa 9.8% noong Oktubre 2001 tungong 10.3% nitong Enero. Ito ang naging resulta sa pinakabagong Labor Force Survey ng National Statistics Office. Mula Oktubre 2001, umabot sa 247,000 sa mga manggagawang nawalan ng trabaho ang nagmula sa sektor ng agrikultura, 47,000 sa sektor ng serbisyo at 86,000 sa sektor ng industriya.

553 kumpanya sa Metro Manila, humihingi ng exemption sa CoLA.

Sa dami ng butas sa pagbibigay ng cost of living allowance (CoLA), 553 kumpanya sa Metro Manila ang humihinging ilibre sila sa pagbabayad ng P30 arawang CoLA sa kanilang mga manggagawa. Kasama sa mga pwedeng bigyan ng exemption ng Regional Tripartite Wages and Productivity Boards ay mga establisyementong "nalulugi"; negosyong napipintong malugi at mga bangkong may problema.

Palestine mabangis na sinalakay ng Israel

Dalawang linggong walang patid at mabangis na sinalakay at muling inokupa ng Israel ang mga teritoryo



ng Palestine nitong Marso. Umatras lamang ang mga tropang Israeli matapos halos pulbusin ang mga bayan ng Palestine. Ito ay upang pwersahin si Yasser Arafat na magbigay ng mas malalaking kunsesyon sa muling binuksang negosasyon. Nitong Marso, dumating sa Israel ang sugo ng US na si Anthony Zinni upang muling magtangkang pasukuin si Yasser Arafat at ang mamamayang Palestino.

300,000 nagprotesta sa Spain

Dumagsa ang 300,000 demonstrador sa Barcelona, Spain nitong Marso 16 upang magprotesta laban sa isinagawang European Union Summit. Ito ang taunang pulong ng mga lider ng mga bansang Europeo. Nagpoprotesta ang mga demonstrador laban sa "globalisasyon" at "kapitalismo ng Europe". Nauwi sa karahasan ang protesta nang pinasabugan ng mga pulis ng *teargas* ang mga nagmamartsa. Umabot sa 50 katao ang inaresto at ilampu ang nasaktan sa karahasan. Idinaos kasabay nito ang rali sa France na nilahukan ng daan-daang nagprotesta.